# PAGLULUTO KAPAG NAWALAN NG KURYENTE

Ipinapaalala ng Maryland Department of Health sa mga residente na ang pagluto ng pagkain pagkatapos patumbahin ang mga linya ng kuryente o gas ay maaaring maging problema at maging mapanganib. Sundin itong mga pangunahing tuntunin:

- Ang uling o mga ihawang de-gas ay ang pinakatiyak na alternatibong pagkukunan ng init para sa pagluto. **HUWAG KAILANMAN GAMITIN ANG MGA ITO SA LOOB NG BAHAY.** Sa paggawa nito isinasapanganib ninyo ang parehong mawalan ng malay mula sa karbon monoksido at mag-umpisa ng sunog na sisira sa inyong tahanan
- Ang mga kalan pangbakasyon na gumagamit ng gasolina o mga solidong panggatong ay dapat lamang gamitin sa labas ng bahay
- Ang maliliit na kagamitan ay maaaring gamitin sa paghanda ng pagkain kung kayo ay makakagamit ng isang diyeneretor ng kuryente
- Ang kahoy ay maaaring gamitin sa pagluto sa ilang mga sitwasyon. Maaari kayong magluto sa isang dapugang may tsimenea kung ang tsimenea ay mayors. Hula maximal ng apoy sa deluging na sera ang tsimenea. Tiyakin na beaks ang pampatamlay sa apoy
- Kung nagluluto kayo gamit ang kalang de-kahoy, tiyakin na ang tubo ng kalan ay hindi sira
- Kung kailangan ninyong magsiga sa labas, gawin ito malayo sa mga gusali, hindi sa garahe. Ang mga tilamsik ng apoy ay madaling makapasok sa kisame at mag-umpisa ng sunog sa bahay
- Huwag kailanman gumamit ng gasolina upang magningas ng kahoy o uling
- Tiyakin na ang anumang apoy ay madaling maapula. Ang metal na bariles o mga bato sa paligid ng latag ng apoy ay mga kailangang paunang pag-iingat. Ang ihawang de-uling ay isang magandang lugar upang gumawa ng apoy mula sa kahoy. Tiyakin na patayin ang anumang apoy kapag tapos na kayo rito
- Kapag ang pagluluto ay hindi posible, maraming mga de-lata ang nakakain nang malamig

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

preparedness.health.maryland.gov
facebook.com/MarylandOPR
twitter.com/MarylandOPR

health.maryland.gov
facebook.com/MarylandDHMH
twitter.com/MDHealthDept

*Ang impormasyon sa itaas ay hinango mula sa mga datos na binuo ng Clemson Cooperative Extension.*

MARYLAND DEPARTMENT OF HEALTH
Office of Preparedness and Response

Updated 05/2019